Mensahe Siyam

**Ang Ganap na Ministeryo ni Kristo sa Tatlong Yugto**

Babasahin sa Kasulatan: Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b; Apoc. 1:4; 3:1; 4:5; 5:6; 2:4-5; 19:7-9; 21:2; 22:17a

**I. Ang namumukod-tanging pagtuturo ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos (1 Tim. 1:3-4) ay ang pagtuturo hinggil sa ganap na ministeryo ni Kristo sa tatlong yugto—pagkakatawang-tao, pagpapaloob, pagpapatindi:**

A. "Kung anong magiging ng pagbabawi ng Panginoon at kung paano ito ay nakadepende sa kung paano natin tinatanganan ang pagtuturong ito" (Witness Lee); ang pagtuturong ito ay maibubuod sa isang simpleng pangungusap—"Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang Diyos na naging laman, ang laman na naging Espiritung nagbibigay-buhay, at ang Espiritung nagbibigay-buhay na naging pitong ulit na pinatinding Espiritu upang itayo ang ekklesia na nagiging ang Katawan ni Kristo at na napasusukdol sa Bagong Herusalem" (*The Divine and Mystical Realm,* pp. 17-18).

B. Upang gumawang kasama ng Diyos bilang Kanyang mga kamanggagawa (2 Cor. 6:1; 1 Cor. 3:9), kailangan nating makilala, maranasan, at matamasa si Kristo (ang matamo si Kristo—Fil. 3:8-14) sa Kanyang ganap na ministeryo sa Kanyang tatlong dibino at mistikong yugto.

**II. Sa unang yugto, ang yugto ng pagkakatawang-tao, mula sa Kanyang pantaong kapanganakan hanggang sa Kanyang kamatayan, isinakatuparan ni Kristo ang mga sumusunod na pangunahing bagay:**

A. Sa yugto ng Kanyang pagkakatawang-tao, dinala ni Kristo ang walang hangganang Diyos tungo sa may hangganang tao; bagama't nagmula si Kristo sa Bethlehem, ang Kanyang mga paglabas ay mula sa sinaunang panahon, mula sa mga araw ng kawalang-hanggan; tumutukoy ito sa walang hanggang pinagmulan ni Kristo at nagpapahiwatig na naghahanda ang Tres-unong Diyos na lumabas mula sa kawalang-hanggang tungo sa panahon, upang dumating sa Kanyang pagkadibino tungo sa pagkatao sa pamamagitan ng pagiging ipinanganak sa Bethlehem bilang isang tao—Mik. 5:2.

B. Sa yugto ng Kanyang pagkakatawang-tao, ipinagkaisa, inihalo, at inilakip ni Kristo ang Tres-unong Diyos sa taong may tatlong bahagi—Luc. 1:35; 2:40, 52; Juan 14:10-11; 1:14.

C. Sa yugto ng Kanyang pagkakatawang-tao, inihayag ni Kristo sa Kanyang pagkatao ang masaganang Diyos sa Kanyang mayamang mga katangian sa pamamagitan ng Kanyang mabangong mga kagalingan:

1. Ang mga pantaong kagalingan ng pagmamahal, kabutihan, pagtitiis, awa, at pang-unawa ng Taong Tagapagligtas ay naipakita sa Kanyang pakikipagsalamuha sa isang makasalanang babae; ang Kanyang mga dibinong katangian, lalo na ang mga katangian ng dibinong awtoridad na magpatawad sa mga kasalanan ng isang tao at ang Kanyang pagbibigay ng kapayapaan sa napatawad na makasalanan, ay naipakita rin—Luc. 7:36-50.
2. Ang Taong Tagapagligtas, bilang mabuting Samaritano, ay bumaba sa lugar kung saan nakahandusay ang sugatang biktima ng maka-Hudaismong tulisan sa kanyang aba at naghihingalong kalagayan; sa Kanyang pagkatao kalakip ang Kanyang pagkadibino Siya ay nahabag at binigyan siya ng mapagmahal na pagpapagaling at nagliligtas na pangangalaga, lubos na tinugunan ang kanyang matinding pangangailangan—10:25-37.
3. Noong si Kristo ay ipinapako sa krus, isa sa dalawang kriminal na ipinakong kasama Niya ay nagsabi, "Hesus, alalahanin Mo ako pagdating Mo sa Iyong kaharian"; sinabi ni Hesus sa kanya, "Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, sa araw na ito, makakasama kita sa Paraiso"; ipinakikita nito ang dibinong katangian ng Kanyang walang hanggan at walang itinatanging pag-ibig na nahayag sa pamamagitan ng Kanyang nagkakandiling pantaong kagalingan—23:42-43.

D. Sa yugto ng Kanyang pagkakatawang-tao isinakatuparan ni Kristo ang Kanyang nagpapaloob ng lahat na pambatas na pagtutubos sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus:

1. Ang Kanyang pambatas na pagtutubos ay ayon sa katuwiran ng Diyos bilang pamamaraan ng pagliligtas ng Diyos upang bigyang-kasiyahan ang mga kahilingan ng matuwid na kautusan ng Diyos sa mga makasalanan—Roma 1:17a; 3:21-26; 9:30-21.

2. Ito ay para sa mga makasalanan na mapatawad sa harapan ng Diyos (Luc. 24:47), mahugasan (Heb. 1:3), maaring matuwid (Roma 3:24-25), maipagkasundo sa Diyos (5:10a), at pamposisyong mapabanal tungo sa Diyos (1 Cor. 1:2; Heb. 13:12), sa gayon ay ginagawang kuwalipikado at inilulugar ang mga mananampalataya upang matamasa ang organikong pagliligtas ng Diyos at makapasok sa mas mataas na biyaya ng Diyos para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos at pagtatamo ng sukdulang layunin ng Diyos (Roma 5:10, 17, 21).

**III. Sa ikalawang yugto, ang yugto ng Kanyang pagpapaloob, mula sa Kanyang pagkabuhay na muli hanggang sa pagbaba ng ekklesia, isinakatuparan ni Kristo ang mga sumusunod na pangunahing bagay:**

A. Siya ay isinilang sa pagkabuhay na muli upang maging ang panganay na Anak ng Diyos; ang "ang binhi ni David" na naging "Anak ng Diyos" ay nagsasalita hinggil sa proseso ng pagiging itinalagang panganay na Anak ng Diyos ni Kristo sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli; ito ang ebanghelyo ng Diyos, tungo rito ay ibinukod si Pablo—1:1-4:

1. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, ibinihis ni Kristo, ang bugtong na Anak ng Diyos sa Kanyang pagkadibino (Juan 1:18), ang laman, ang pantaong kalikasan, na walang kinalaman sa pagkadibino; sa Kanyang pagkatao Siya ay hindi Anak ng Diyos.
2. Sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ay napabanal, napataas, at natransporma ang Kanyang pantaong kalikasan; sa pagkabuhay na muli napaging-diyos, "pinaging-anak" ang Kanyang pagkatao, nangangahulugang naitalaga Siyang Anak ng Diyos, naging ang panganay na Anak ng Diyos na may kapwa pagkadibino at pagkatao—Roma 8:29; Gawa 13:33.
3. Ang pagkadibino, ang Espiritu ng kabanalan, kay Kristo ay naging gumagawa sa Kanyang kamatayan, at sa pagkabuhay na muli Siya ay "namulaklak" upang maging ang panganay na Anak ng Diyos at ang Espiritung namamahagi ng buhay, ipinamamahagi ang Kanyang dibinong buhay tungo sa atin upang gawin tayong Kanyang maraming kapatid—Roma 1:4; 8:29; 1 Cor. 15:45b.
4. Ang unang tularan ay ang panganay na Anak ng Diyos, at ang pagpaparami ay ang maraming anak ng Diyos, ang mga sangkap ng unang tularan upang maging Kanyang Katawan, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem—Col. 1:18; 1 Ped. 1:3.
5. Si Kristo ay itinalaga nang Anak ng Diyos, subalit nasa proseso pa rin tayo ng pagtatalaga, ang proeso ng "pagpapaging-anak," pagpapaging-diyos—Roma 8:28-29:
   a. Sa pagkabuhay na muli si Kristo sa Kanyang pagkatao ay itinalagang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng gayong pagkabuhay na muli tayo rin ay nasa proseso ng pagiging itinalagang mga anak ng Diyos—b. 11.
   b. Ang susi sa proseso ng pagtatalaga ay pagkabuhay na muli, na siyang ang nananahanang Kristo bilang ang nagbabangong Espiritu, ang nagtatalagang Espiritu, ang kapangyarihan ng buhay sa ating espiritu; kailangang-kailangan nating matuto kung paanong lumakad ayon sa espiritu, upang matamasa at maranasan ang nagtatalagang Espiritu—Juan 11:25; Roma 8:10-11; Gawa 2:24; 1 Cor. 15:26; 5:4; Roma 8:4, 6, 14.

B. Ang nagkatawang-taong Kristo, ang huling Adam, ay naging ang Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b; Juan 6:63; 2 Cor. 3:6:

1. Ang paggamit natin ng salitang *pagpapaloob* ay batay sa ating paggamit ng salitang *nagpapaloob*—ang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay si Kristo, bilang ang huling Adam, ay ang maging ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu Siya—Fil. 1:19.
2. Ang Espiritung nagbibigay-buhay, na siyang ang malahanging Kristo, ay tinatawag ding ang Espiritu ng buhay (Roma 8:2), ang Espiritu ni Hesus (Gawa 16:7), ang Espiritu ni Hesu-Kristo (Fil. 1:19), at ang Panginoong Espiritu (2 Cor. 3:18).
3. Ang ministeryo ni Kristo sa yugto ng pagpapaloob bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay inihahayag sa Roma 8, na nagpapakita na ang buhay ng Tres-unong Diyos, bilang kautusan ng Espiritu ng buhay na naipamahagi tungo sa ating katauhang may tatlong bahagi, ay ginagawa tayong mga tao ng buhay upang maging mga anak ng Diyos at mga sangkap ni Kristo upang bumuo

sa Katawan ni Kristo para sa Kanyang kahayagan, sa gayon ay tinutupad ang orihinal na intensiyon ng Diyos—Gen. 2:7, 9; Roma 8:14; 12:5:

a. “Ang kautusan ng Espiritu ng buhay [Gk. *zoe*] sa loob ni Kristo Hesus ang nagpalaya sa akin sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan”—8:2.
b. “Kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagama’t ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, gayunpaman ang espiritu ay buhay [Gk. *zoe*] dahil sa katuwiran”—b. 10.
c. “Ang kaisipang inilagak sa espiritu ay buhay [Gk. *zoe*] at kapayapaan”—b. 6.
d. “Kung ang Espiritu niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay nananahan sa loob ninyo, Siyang nagbangon kay Kristo Hesus mula sa mga patay ang magbibigay-buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung nananahan sa inyo”—b. 11

C. Sa Kanyang pagkabuhay na muli, isinilang na muli ni Kristo ang mga mananampalataya para sa Kanyang Katawan—1 Ped. 1:3:

1. Ang malahanging Kristo ay naging ang panganay na Anak ng Diyos at ang Espiritung nagbibigay-buhay para sa pagsisilang na muli sa mga mananampalataya, ginagawa silang maraming anak ng Diyos na ipinanganak ng Diyos kalakip Niya sa isang pansansinukob na malakihang pagsisilang sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Hesu-Kristo mula sa mga patay.
2. Ang lahat ng mananampalataya ni Kristo ay nabautismuhan sa isang Espiritu tungo sa isang Katawan ni Kristo at pinainom sa isang Espiritu para sa pagbubuo ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:13.
3. Sa Kanyang pagkabuhay na muli, ibinigay ni Kristo ang Kanyang sarili bilang ang nagpapaloob ng lahat Espiritung nagbibigay-buhay nang walang sukat sa pamamagitan ng Kanyang pagsasalita ng mga salita ng Diyos—Juan 3:34.

**IV. Sa ikatlong yugto, ang yugto ng Kanyang pagpapatindi, mula sa pagbaba ng ekklesia hanggang sa pagpapasukdol ng Bagong Herusalem, pinatitindi ni Kristo ang Kanyang organikong pagliligtas, ibinubunga ang mga mandaraig, at pinasusukdol ang Bagong Herusalem:**

A. Dahil sa pagbaba ng ekklesia si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay pinatindi ng pitong ulit upang maging pitong Espiritu—ang pitong ulit na pinatinding Espiritung nagbibigay-buhay—Apoc. 1:4; 3:1; 4:5; 5:6.

B. Pinatitindi ni Kristo bilang ang pitong ulit na pinatinding Espiritung nagbibigay-buhay ang Kanyang organikong pagliligtas upang iligtas ang mga mananampalataya mula:

1. Sa pormal na buhay-ekklesia at sa pagkawala ng unang pag-ibig sa Panginoon, sa nagniningning na kapasidad ng patungan ng ilawan, at sa pagtatamasa kay Kristo bilang buhay sa ekklesia sa Efeso—2:1-7
2. Sa pagkatalo na humahantong sa pagdaranas sa ikalawang kamatayan sa ekklesia sa Esmirna—bb. 8-11.
3. Sa pagkamakasanlibutan sa pakikipag-isa sa sanlibutan bilang isang pagpapakasal at sa pagtuturo ni Balaam at ng mga Nikolaita sa ekklesia sa Pergamo—bb. 12-17.
4. Pakikiapid, pagsamba sa mga diyos-diyosan, makademonyong pagtuturo, at mga makasatanas na kalaliman sa Katolisismo, isinasagisag ng ekklesia sa Tiatira—bb. 19-29.
5. Sa espiritwal na kamatayan—patay at naghihingalo—sa Protestanstimo, isinasagisag ng ekklesia sa Sardis—3:1-6.
6. Sa pagkawala ng korona, na natamo na sa *Brethrenism*, isinasagisag ng ekklesia sa Filadelfia—bb. 7-13.
7. Sa pagiging malahiniga at kawalan ng Kristo sa napababang *Brethrenism*, isinasagisag ng ekklesia sa Laodicea—bb. 14-22.

C. Kung tayo ay magiging mga mandaraig, kailangan nating bawiin, panatilihin, at paunlarin ang ating unang pag-ibig sa Panginoon:

1. Ang pag-iwan sa unang pag-ibig ang pinagmumulan at ang pangunahing dahilan para sa kabiguan ng ekklesia sa buong itinagal ng mga kapanahunan—2:4-5.

2. Ang ibigin ang Panginoong Hesus ng unang pag-ibig ay ang ibigay sa Kanya ang unang pwesto sa lahat ng bagay; kailangan nating ibigay kay Kristo ang unang pwesto, ng pagkauna, sa lahat ng bagay at sa lahat ng pangyayari, itinuturing Siyang lahat-lahat sa ating buhay—Col. 1:18b.
3. Hindi natin dapat ibigin ang sinuman o anumang bagay nang higit kaysa sa Panginoon, kabilang ang ating pangkaluluwang buhay—Mat. 10:37-39; Apoc. 12:11.

D. Naliligtas tayo sa pagbaba sa pamamagitan ng pagsasalita ng pitong uit na pinatinding malahanging Kristo at sa pamamagitan ng mga mandaraig na banal na namumuhay sa kanilang espiritu—2:1, 7; 1:10; 4:2; 17:3, 21:10.

E. Ang pitong ulit na pinatinding makalangit na ministeryo ni Kristo ay para sa kumpletong paghahanda sa kasintahang babae para kay Kristo (19:7-9), pagbubuo ng hukbong kasintahan (bb. 11-21; 17:14), pagtatali kay Satanas (20:1-3), pagpapasok ng kaharian ni Kristo at ng Diyos (bb. 4-6), at pagpapasukdol sa Bagong Herusalem (2:7; 21:2).

F. Ang pangwakas na resulta ay yaong ang ganap na pinasukdol na Espiritu bilang pagpapasukdol ng naprosesong Tres-unong Diyos ay nagiging ang Kasintahang lalaki, at ang kabuoan ng mga mandaraig na banal ay nagiging ang kasintahang babae ng pansansinukob na pag-iibigan sa pagitan ng nagtutubos na Diyos at ng Kanyang tinubos na tao bilang kongklusyon ng buong Kasulatan—22:17a.

G. Kailangan nating isaalang-alang ang bagay na ito ng pagpapatindi at desperadong manalangin sa Panginoon, na nagsasabi, “Nais kong sumulong mula sa pagpapaloob tungo sa pagpapatindi. Panginoon, Ikaw ay napatindi na nang pitong ulit, at nananalangin ako na mapatindi rin ako nang pitong ulit upang daigin ang pagbaba ng ekklesia upang maitayo ang Katawan upang pasukdulin ang Bagong Hesuralem” (*Incarnation, Inclusion, and Intensification*, p. 22).

*© 2023 Living Stream Ministry*